# BULAKLAK
*Hiyas ng Tahanan*













TEOFILO E. SAUCO
Patnugot

EMILIO MAR. ANTONIO
Katulong na Patnugot

Mga Kagawad:
CONRADO S. ACUÑA
AMELIA M. ARCEGA
EMMA MARIA CRISTINA
CORAZON Y. ROSARIO


Tagapaglathala:
BULAKLAK PUBLICATIONS
935-939 R. Hidalgo, Quiapo,
P.O. Box 1382, Maynila
Tel. 3-39-71

Nakatalang Pangalawang uri sa Kawanihan ng Koreo sapul noong Abril 14, 1947.

FRANCISCO G. GUBALLA
Tagapamahalang Patnugot
TEODORO VIRREY
Katulong na Tagapamahalang Patnugot
BEATRIZ M. de GUBALLA
Tagapangasiwa
ALFREDO DE LARA
Tagapamahala sa Anunsiyo
JAVIER GUBALLA
Direktor ng Anunsiyo
Sa Sirkulasyon:
RAMON P. IGNACIO

Halaga ng Suskrisyon
Isang taon .. ......... P13.00
Anim na buwan ..... 7.00
(Doble sa ibang bansa)

TAON IX — MIYERKOLES, DISYEMBRE 3, 1952 — BLG 36


# Andres Bonifacio

(Alang-alang sa Araw ng BAYANI ng lahi)

Hayun siya!... Nag-iisang nilalamay ang magdamag
Ang masungit na karimla'y sinuong na walang sindak,
Sa landasing mapanganib ay maingat na nagmatyag,
Kung minsan ay mapahinto at kung minsa'y mapasagsag;
Bawa't bahay, bawa't dampa'y palihim na inaakyat,
Upang ang paghihimagsik ay palihim na ianas...
At sa gayong pangyayari ang nabuo'y isang lakas,
Sagisag ay katapangan na sa dugo nakalimbag;
At ang ilaw ng higanti nang sindiha't maglagablab,
Ang labanan ay umusok sa parang ng Balintawak;
Ang Ama ng Katipunang ang damdami'y sumusulak,
Walang ngiming nanalasa't sa kalaban ay humarap;
Sa gulok na bagong hasa na sa giting kumikislap,
Ang nagtayong mga sama ay napuksa at nautas!
Kaya naman ang maapoy na labanan nang magwakas
Ang gapos ng kaalipnan nitong lahi ay nakalag;
Ang madilim nating langit ay nagningning at dumilag,
Ang bandila nitong baya'y nawagayway sa itaas!
At dahil kay Bonifaciong kagitinga'y lubos, ganap,
Lahi tayong nagkalaya't bayan tayong napatanyag!

Pulo, Bulakan

*Pedro B. Torres*